Forum ng KWF, dinaluhan ng mga guro sa Agham at Matematika

Higit 100 mga guro ng Agham at Matematika, mula sa iba’t ibang paaralan sa Maynila, ang dumalo sa isang forum ng KWF hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng Agham at Matematika noong 9 Oktubre 2015 at the Tanghalang Teresita Quirino, Unibersidad ng Santo Tomas.

PAMAGAT Tampok sa forum ang mga panayam ng mga kilalang akademiko at propesor na sina Dr. Fortunato Sevilla III at Dr. Jose Maria Balmaceda.

Matapos ang mga panayam, nagkaroon ng mga pakitang-turo sa Filipino sa Kemistri at Matematika. Isinagawa ito nina Dr. Bernard John Tongol (Chemistry) at John Gabriel Pelias (Integral Calculus).

Nagbigay naman ng mga kritisismo ang ilang kilalang mga edukador para sa paggamit ng Filipino sa ibang larang. Kabilang sa mga umupo sa panel ng kritiko sina Dr. Queena Lee-Chua (Ateneo De Manila University), Dr. Benjamin Vallejo Jr. (UP Diliman), Prof. Ernesto Sonido Jr. (UP Diliman), at Dr. Recto M. Calingasan (UST).

Bahagi ang forum na ito ng serye ng mga talakayan sa paggamit ng Filipino sa iba’t ibang larang. Susundan ito ng mga forum hinggil sa Pananalapi, Ekonomiya, Batas, at Hurisprudensiya.

Ito rin ay paghahanda ng KWF sa nalalapit na Pambansang Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino na mangyayari sa Buwan ng Wikang Pambansa 2016 sa Agosto.